# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-13 ng Hunyo, 2024

## Kailangan ng mga Site Manager para sa mga Lokasyon ng Pagboto nang Personal

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay naghahanap ng mga pansamantalang site manager para patakbuhin ang mga lokasyon ng pagboto nang personal para sa Nobyembre na presidensyal na pangkalahatang eleksyon. Mga site manager ay kikita ng $20 kada oras.

Mga site manager ay inirerequire na pamunuan ang mga manggagawa sa botohan habang inirerepresenta ang Tagapagrehistro ng mga Botante ng propesyonal, at walang partidong pamamaraan. Ang Tagapagrehistro ay naghahanap ng mga tao na team player, nagtataglay ng malakas na kasanayan sa pamumuno at nagpapakita ng flexibility, pagpasensya, at may pinakamataas na antas ng integridad sa lahat ng oras. Nakaraang pamamahala at/o karanasan sa pagiging manggagawa sa botohan ang ninanais.

Mga site manager ay dapat dumalo sa dalawang araw na bayad na pagsasanay ng manggagawa sa botohan at isang karagdagang araw na bayad na pagsasanay sa site manager para matutunan ang mga proseso, mga gawain at mga responsibilidad.

Mga assignment sa vote center ay mula apat hanggang 11 araw sa pamamahala sa mga pagpapatakbo at pagtulong sa mga botante, karagdagan sa isang araw ay ang pag-set-up ng vote center at isang araw para magligpit pagkatapos ng Araw ng Eleksyon.

Mga site manager ay dapat available na magtrabaho mula ika-7:30 ng umaga hanggang ika-5:30 ng hapon sa mga itinalagang araw ng trabaho ganun din sa weekend sa panahon ng pagboto nang personal. Sa Araw ng Eleksyon, Ika-5 ng Nobyembre, mga site manager ay magtatrabaho ng mas pinahabang mga oras.

Mga nagsasalita ng English na bilingguwal sa Arabic, Chinese, Filipino, Japanese, Korean, Laotian, Persian, Spanish, Somali, o Vietnamese ay kailangan din. Kung kayo ay bihasa sa mga wikang ito, siguraduhin na ilagay ito sa inyong aplikasyon.

Mga aplikasyon ng site manager ay available sa sdvote.com. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa (858) 565-5800 o mag-email sa pollworker@sdcounty.ca.gov.

###

COUNTYNEWSCENTER

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101